DAGDAG NA PANGGIGIPIT, DAGDAG NA PANDARAMBONG!

Praymer hinggil sa Liberalisasyon sa Pangisdaan at Fisheries Code of 1998 at Amendments

Nitong nakaraang taon, nag-isyu ang European Union ng yellow tag warning sa Pilipinas dahil diumano sa talamak na Illegal, Unreported, and Unregulated Fishing (IUUF) sa ating pangisdaan at sa kawalang pangil ng kasalukuyang batas dito. Ibig sabihin, maaaring hindi tayo makapagbenta sa EU, isa sa mga pinakamalaking nag-aangkat ng mga isda at produkto n gating pangisdaan, kung hindi tayo tatalima. Sinasabi ng EU na labis-labis ang paggamit natin sa ating mga katubigan, bagay na lalong nakakapagpahirap sa ating mga mangingisda at nagpapahina sa ating seguridad sa pagkain. Matapos ito, agad na naglabas si Noynoy Aquino ng Executive Order 150 upang i-utos ang agarang pag-aamyenda sa Fisheries Code of 1998 o RA 8550, ang kasalukuyang umiiral na batas sa pangisdaan.

Ilang buwan lamang matapos ito, naipasa na sa isang bicameral meeting ng pinagsamang Kongreso at Senado ang RA 10654 o ang "Batas laban sa IUUF at amyenda sa Fisheries Code of 1998". Agaran din naming tinanggal ang babala ng EU sa Pilipinas.

Ngunit ano nga ba ang RA 10654 at mareresolba ba nito ang laganap na kahirapan ng ating mga mangingisda at kawalan ng seguridad sa pagkain?

A. Ano ang kalagayan ng mga mangingisda sa ilalim ng Fisheries Code of 1998?

Tunay nga ng napakayaman ng pangisdaan ng ating bansa. Bilang isang arkipelagong nakalagak sa gitna ng gitna ng pangitlugan at panagpuan ng mahigit 75% ng mga klase ng bahura, 3,000 klase ng mahahalagang isdang pagkain, at malaking porsyento ng mga pagong at mammal sa daigdig. Gayundin, mahalagang bahagi rin tayo ng tuna highway ng daigdig, ang pinakainilalakong isda sa daigdig. Sa katunayan, umabot sa 2.3 milyong tonelada ang inaning mga isda noon lamang 2012 kung saan mahigit kalahati nito ay nagmula sa mga katubigang municipal.

Ngunit sa kabila nito, kronikong kahirapan at kagutuman, pagpapalayas, at pagpapabaya ang dinanas ng mga mangingisda sa loob ng 17 taon ng pagpapatupad sa Fisheries Code of 1998 of 1998.

Nananatiling pinakamahirap sa mga mahihirap ang mga mangingisda. Ayon mismo sa National Statistic Commission Board (na ngayo'y Philippine Statistics Agency na), dalawa sa limang mangingisda o 39.2 % ang nabubuhay na mas mababa pa sa P50 kada araw.

Pinakitid nito ang pangisdaan ng mga maliliit na mangingisda. Sa RA 8550, tinukoy ang 15 kilometrong karagatan mula sa pampang bilang municipal na pangisdaan at para lamang sa mga di lalampas na 3 gross tons ang bangkang gamit. Kasabay nito, kinontra nito ang sarili at binigyang laya ang mga malalaking komersyal na barko na makapangisda sa mga municipal na pangisdaan basta aabot ito sa pitong fathoms o dipa. Maging ang European Union ay nagpahayag na sa nakaraang dekada, mas malaking bahagi ng komersyal na pangingisda ay nagaganap sa saklaw ng mga municipal na pangisdaan. Kaalinsabay, nagtatag ito ng mga arbitraryong marine protected areas o pangalagaan ng bahura sa mga katubigang municipal para sa mga proyektong ekoturismo na sa iba ay umaabot mula 10 hanggang 12 ektarya ang lawak. Hinati-hati rin ng batas na ito sa bawat bayan ang mga pangisdaan at binigyang kapangyarihan ang mga Local Government Units na magpataw ng mga ordinansa para sa pagbubuwis, pagkontrol, at pagpaparusa sa mga maliliit na mangingisda (sa bisa na rin ng LGU code of 1990). Nagbigay daan ito sa mga zoning ordinance, color coding, at municipal licensing na lalo pang nagpakitid sa kanilang pinangingisdaan. Ayon mismo sa UN-FAO, mula sa 20 kilo ng isda kada araw noong 1989 ay 2 kilo na lamang sa kasalukuyan ang nahuhuli sa karaniwan ng mga municipal na mangingisda.

Sa pagkitid ng pinagkukunan, hindi lamang iilan ang kaso ng mga maliliit na mangingisdang binaril, hinaras, at kinasuhan dahil lamang nakalampas sa zoning ng mga bayan, nakapasok sa mga sanktwaryo, o nakalampas ng 15

kilometro sa paghahabol na makahanap ng huling isda. Patung-patung na bayarin at multa ang nakapakete sa loob ng RA 8550 kasabay ng mabibigat na bayarin upang tubusin ang mga hinuling bangka at kagamitan.

Walang modernisasyong naganap sa pamamaraan at kagamitan ng pangingisda sa bansa. Nananatiling 38% lang ang may motor sa mga bangkang rehistrado sa antas municipal at karamihan dito ay mahihinang klase ng motor (4-16hp). Ang mas marami pa (62%) ay de sagwan, de-layag at baroto o lunday. Walang subsidyong naranasan ang mga mangingisda sa panahon ng bagyo o kalamidad, lalo pang wala para sa pagpapaunlad ng kanilang produksyon. Ang mahigit 100 milyon na tulong para sa mga mangingisda ay ginamit upang ipalaganap ang akwakultura. Sa huli, napunta ang ponding ito sa paghihikayat sa mga panginoong maylupa at mga komersyante na magalaga ng mga high value stocks tulad ng hipon, tilapia, at hito. Lalong nagpakitid sa mga lawa, ilog, mga brackish waters, at ilang bahagi ng karagatan ang mga bakod at harang ng mga malalaking Fishpond Lease Agreement at Fishpond Lease Agreement (FLA) na pakana ng kontra-mangingisdang batas na ito.

Tila di pa sapat, binigyang daan ng Fisheries Code ang reklamasyon at kumbersyon ng pangisdaan na sistematikong nagpalayas sa mga mangingisda at mamamayan sa mga tabing dagat at lawa. Pinapalayas ng sari-saring mga proyekto at konsesyon ang mga mangingisda di lamang sa kanilang kabuhayan kundi maging sa kanilang mga tirahan. Malawakang reklamasyon at kumbersyon ng pangisdaan ang dulot ng National Reclamation Plan para sa mga ekoturismo at libangan; habang kaliwa't kanan naman ang Black Sand Mining sa Zambales, Cagayan at iba pa; isama pa ang mga 'development projects' tulad ng Laguna Lake Express Dike; at ang lantarang pagpapalayas na No-Dwelling Zone Policy ng gubyerno – lahat ng ito ay nagtataboy at nagpapatalsik sa buo-buong komunidad ng mga maliliit na mangingisda mula sa kanilang kabuhayan.

B. Ano ang laman ng RA 10654?

Ibinabandera ang RA 10654 bilang solusyon sa iligal, hindi naiuulat, at hindi nakokontrol na pangingisda sa bansa. Sa buong daigdig, tinataya ng EU na aabot ng 15% ng mga isdang nahuhuli ay sa pamamagitan ng IUUF. Ayon sa BFAR, ang amyendang ito ang magseseguro sa ating suplay ng pagkain at progresibong pag-unlad ng pangisdaan at mangingisda.

1. Punong-puno ng mga matatarik na multa at bayarin ang amyenda sa Fisheries Code of 1998 o ang RA 10654.

Wala itong saligang binago sa mga kontra-mangingisdang probisyon ng sinundang batas. Bagkus lalo pa nitong gigipitin ang mga dati nang naghihirap at inaaping mga mangingisda.

Umaabot sa P50,000 ang maksimum na multang babayaran ng mga municipal na mangingisda, 9 milyon sa mga maliliit na commercial fishing, 10 milyon sa mga katamtaman ang laki, samantalang 20 milyon naman sa mga malalaking commercial fishing depende sa nilabag. Higit nang sampung ulit ito sa mga dating laman ng RA 8550.

Gayundin ituturing na prima facie ang mga paglabag. Ibig sabihin kahit di pa napapatunayan sa korte na ikaw nga ay nagkasala, ipapatupad na sa iyo ang mga multa at kaukulang parusa na itinakda ng batas na ito. Idinagdag nitong maaaring sumailalim ang mga municipal na mangingisda sa community service kung hindi makababayad. Sa mga bangkang komersyal, ang 3 pinakamatataas ang haharap sa paglilitis at maaaring mabigyan ng 6 na buwan ng pagkakakulong kung mapapatunayan bukod pa sa dobleng multa mula sa una nang naitakda.

Bawat paglabag na sumusunod ay may karampatang multa, pagkukumpiska ng bangka at kagamitan, suspension sa lisensya at kaso.

Ayon sa RA 10654,**iligal** ang pangingisda mo kung:

a. Hindi nakarehistro at walang lisensya ang iyong bangka at gamit sa pangingisda

Sa kasalukuyan, lumalarga na ang BoatR o rehistrasyon ng mga bangka mula sa antas municipal. Para sa mga komersyal na pangisda, itatakda ng departamento ang mga bayarin upang makakuha ng lisensya samantalang ibinigay nito sa LGU ang kapangyarihang magtakda ng babayaran ng mga municipal na mangingisda. Tulad ng iba pang mga lisensya,

nakatakdang i-renew ito, kada tatlong taon sa komersyal at batay muli sa LGU para sa municipal. Ang dating libreng propesyon, ngayon may bayad na din.

b. Hindi rehistrado ang mga mangingisda, manggagawa sa pangisdaan, at tauhan sa bangka

Kailangan iparehistro ang mga mangingisda sa ilalim ng FishR o rehistrasyon ng mga mangingisda. Maging ang mga seasonal na nakikisakay sa mga bangka at mga tauhang sumasampa ay dapat nang magkaroon ng permit na mangisda, at sa gayon, magbayad ng karampatang halaga para dito.

c. Hindi sinunod ang istandard na gamit na itinakda ng Departamento

Itatakda ng departmento sa ilalim ng Harvesting Control Rules ang sukat, laki, at kalidad ng mga bangka at kagamitang dapat gamitin sa pangingisda. Gayundin, ipinagbabawal din ang paggawa, pagbili ng mga bangka at kagamitan nang walang clearance mula sa departamento. Mangangahulugan ito ng malawakang phasing out ng mga tradisyunal at karaniwang pamamaraan ng paghuli ng mga isda.

d. Sa akwakultura, hindi nakarehistro at walang lisensya ang fish pond, fish pen, fish cage, at iba pang gamit.

Maging sa akwakultura ay kailangang magseguro ng lisensya at permit upang makapag-alaga ng mga isda. Ito rin ay gagawin sa ilalim ng mga Fishpond Lease Agreement at Foreshore Lease Agreement. Ibig sabihin, tanging ang mga malalaking mga FLA lamang ang makakakuha at makakatiyak na makakapagpatuloy pang mag-alaga.

Itinuturing namang **unreported** na pangingisda ng RA 10654 kung:

a. Walang ulat na maisumite sa Departamento

Itinakdang dapat may pang-araw araw na ulat ang mga komersyal na pangisda, maging maliit, sa mga huli nito at aktibidad. Gayundin kailangang magsumite ng taunang ulat sa Departamento. Maging ang mga nag-aalaga ng isda at iba pa sa akwakultura ay itinakda ding magsumte ng taunang ulat.

b. Hindi masunod ang vessel monitoring system ng Departamento

Patung-patong na bayarin din ang nilalaman ng iskema ng pagbabantay ng Departamento sa mga komersyal na pangisda. Bukod sa pagpapasakay ng mga representate ng BFAR, kailangan ding maglagay ng mga mamahaling monitoring devices na may kaukulang permit muli.

Unregulated fishing naman ayon sa batas na ito ang mga sumusunod:

a. Paglabag sa mga laman ng Regional Fisheries Management Organization

Ayon dito ipinagbabawal ang pangingisda ng mga pangisdang walang nasyunalidad ngunit painapatakbo ng mga Pilipino, pag-oopereyt ng mga bangkang Pilipino sa mga lugar na pinangangasiwaan ng RFMO na hindi tayo kasapi, at sa mga lugar na walang mga hakbangin sa pagkokonserba at pangangasiwa.

b. Pangingisda sa fisheries management areas at mga santuaryo

Itinaas ang multa nang apat na ulit sa pagpasok at pangingisda sa mga itinuturing na Marine Protected Area o sanctuaryo. Kung isasama sa plano ng departmento na palawakin pa mula sa 10% ng mga municipal na karagatan ang saklaw ng mga MPA patungong 25-30%, malinaw na isa itong iskema ng panggipit at pang-iipit sa mga municipal na mangingisda.

c. Panghuhuli ng mga isdang taliwas sa itinakda ng Departamento

Bagaman pinahigpit ng batas na ito ang pagbabawal sa panghuhuli sa mga endangered species, spawning o breeders, at iba pang dapat i-preserve, isinagad naman nito ang panggigipit. Itatakda din ng Departamento, ayon sa batas na ito, ang dami, laki, at kalidad ng mga huhulihin ng mga mangingisda. Ang paglalako ng mga produktong hindi tugma sa itinakda

ng departamento ay itinuturing na paglabag at may karampatang multa. Isa pa, ipinagbabawal din ang paglalako ng mga isda at produktong nagmula sa iligal na pangingisda.

2. Pagtapak sa demokratikong karapatan ng mga mangingisda

Ang mahabang listahan ng mga kasong inihaharap ng departamento sa pamamagitan ng BFAR sa mga mangingisda sa isang banda, at ang napakahabang listahan naman ng mga reklamo at paniningil ng mga mangingisda sa BFAR at sa departmento sa kabilang banda ay sinagot ng RA 10654 sa pamamagitan ng pagbibigay ng halos absolutong kapangyarihan sa Departamento sa kahihinatnan ng pambansang pangisdaan at mga mangingisda sa kabuuan.

a. Binigyang kapangyarihan ang DA na magdinig ng mga kaso kaugnay ng paglabag sa Fisheries Code

. May kakayahan itong maglabas ng subpoena at ipatawag sa korte ang mga kinasuhan nito. May kapangyarihan din itong maglitis at magtakda ng kaukulang multa at parusa sa mga mapapatunayan nitong nagkasala. Labas pa sa prima facie o hindi kailangang patunayan ang paglabag para magmulta, ang mismong nanghuli sa'yo ang syang magsasabi kung nagkasala ka!

Bukod pa dito, may kapangyarihan na rin itong maglabas ng Cease and Desist Order sa sinumang pinaghihinalaan nitong lumalahok sa IUU na tipo ng pangingisda. Karugtong din nito ang kapangyarihang magtanggal ng mga lisensya kahit pa walang kautusan ang korte. Higit pa, itinakda din ng batas na ito na hindi mapipigilan ng Temporary Restraining Order galing sa Municipal o maging Regional Trial Court ang kapangyarihan ng Departamento sa paglalabas ng mga kautusan at desisyon.

Binigyan din ito ng kapangyarihang magpataw pa ng karagdagang mga parusa lampas sa naitakda sa itaas. Maaaring bukod sa kumpiskasyon ng mga kagamitan at impoundment ng bangka, maaari ring ilagay ka nito sa mga listahan ng IUU, ipagbawal ang pagpasok sa mga daungan, o kahit pa blacklisting sa mga pangisdaan.

b. Binigyang kapangyarihan ang LGU na magpataw ng mga dagdag na bayarin at kaparusahan

Tulad ng sa RA 8550 ng 1998, naglagay ng napakaraming puwang para sa lalo pang pagpiga ng mga LGU sa mga maliliit na mangingisda sa munisipyo. Sa bisa pa lamang ng dating batas, kung anu-ano nang bayarin ang hinihingi ng LGU tulad ng municipal permit, municipal tax, property tax at iba pa sa mga mangingisda na tinatayang umaabot sa P2,000 – P5,000 kada taon. Lalo ngayon na ipinamahala sa LGU ang paggawa ng mga dagdag na ordinansa para multahan ang mga mangingisda. Tiyak na hahaba nanaman ang listahan ng mga kailangang bayaran sa munisipyo dahil dito.

C. Ano ang esensya at sino ang makikinabang sa RA 10654?

a. Itinutulak nito ang higit pang liberalisasyon sa pangisdaan

Ang RA 10654 ay bahagi ng pangkalahatang tunguhin at diin ng mga imperyalistang bayan sa pangisdaan ng daigdig sa pangkalahatan, at sa ating pangisdaan at palengke ng pagkain sa particular. **Ang liberalisasyon sa pangisdaan** o ang pagtanggal sa anumang harang ng malayang pagpasok ng dayuhang capital at produkto sa ating ekonomiya habang tinatanggal din ang harang sa pageeksport natin ng mga isdang kailangang kailangan nila – **ito ay pagbubukas sa ating pangisdaan sa pandarambong ng mga dayuhang kapitalista**!

Pinakamalaking tipak ng ating eksport na isda at produktong pangpangisdaan ay napupunta sa United States, European Union at Japan. Mula nang maisabatas ang RA 8550, napakabilis na lumaki ang eksport nating isda. Mula sa $396 milyon sa kalagitnaan ng 1990's dumoble ito patungong $808.8 milyon noong 2012. Sa katunayan, sa EU pa lamang ay nag-eekssport tayo ng isda, seaweeds at iba pa sa halagang 8 bilyong piso kada taon.

Sa likod ng napakabilis na aksyon ng rehimeng US-Aquino upang matanggal ang yellow tag warning sa ating pangisdaan ay ang paghahabol sa isang kasunduan – ang EU-Philippines Free Trade Agreement on the Philippine Fisheries Sector. Sa tulak ng Association of South East Asian Nations, pinirmahan noong 2012 ang PH-EU Partnership Cooperation Agreement na maghahanda para sa ganap na pagtanggal ng mga taripa at harang ng kalakalan sa pagitan natin at ng EU. **Layon ng kasunduang ito na tiyakin ang steady supply ng isda ng EU na magmumula sa ating katubigan, gayundin ang steady na paglalako sa atin ng mga fishmeal para sa akwakultura**. Sa katunayan, sa loob lamang ng isang taon ay lumaki ang ibinabagsak na produkto ng EU sa atin ng 19% o mahigit 400 bilyong piso, 32% ng paglaki naman ang itinala sa palitan sa sector ng pangisdaan. Lugi tayo ng mahigit 43 bilyong piso sa unang taon paghahanda sa mas mataas na kasunduan sa palitan!

Ang RA 10654 ay direktang bunga at isa lamang sa mga repormang idinidikta ng PCA bilang kondisyon sa pagpasok natin sa tagibang na kasunduan. Pilit na hinahabol ng rehimeng US-Aquino na magkapirmahan bago pa man matapos ang kanyang termino kaya naman napakabilis ng naging pagtugon nito. Ito ay kahit pa magdudulot ng malawakang kawalan ng trabaho at seguridad sa trabaho sa pangisdaan ang nasabing FTA, ayon mismo sa Philippine Institute of Development Studies (PIDS) na kinomisyon ng gubyernong pag-aralan ito.

b. Pag-igting ng monopolyo sa panghuhuli, pagbili, at pagbebenta ng isda

Habang itinutulak nito ang mapandambong na “malayang pamilihan” sa ilalim ng liberalisasyon ng pangisdaan, pinapalakas naman nito ang monopolyo sa industriya ng pangisdaan, panghuhuling komersyal, at paglalako kapwa sa labas at loob ng bansa. Pinapatakbo ng mga direktang pamumuhunan at joint ventures ng mga imperyalistang bayan, pangunahin ang US, EU, at Japan, ang mga kumpanyang ito para dambungin ang ating pangisdaan at samantalahin ang murang paggawa ng mga mangingisda at manggagawa sa pangisdaan.

Sa pamamagitan ng sobrang higpit na mga istandard (doble-dobleng lisensya, permit etc), mamahaling kagamitang ipinapagamit (tulad ng Vehicle Monitoring System etc.), at di-demokratikong proseso ng pagpili at bidding, epektibong itataboy ng RA 10654 ang mga local na negosyante, komersyal na pangingisda, at maliliit na players palayo sa high seas at mahahalagang bahagi ng pangisdaan. Tiniyak nito na tanging ang mga kumpanyang sinusuportahan lamang ng dayuhang capital ang makakakopo ng ganansya sa pangisdaan.

Pinakamalalaking mga kumpanya sa pangisdaan
• Frabelle Fishing Corp. • Ocean and Light Fishing • Mar Fishing Corp • RBL Fishing Corp

Tuna

The large deep sea fishing firms and fish canners are the key players in tuna exports.

Table: TUNA EXPORTS: KEY PLAYERS

Group	Firm	Rank*
Ayala	Purefoods Corporation	
Concepcion	RFM Tuna Corporation**	
Castle & Cooke	Dole Philippines	
Marcopper	Mar Fishing Corporation	
Po	Century Canning Corporation	
Que/Chua	Sancanco Canning Corporation	
Tiu Laurel	Frabelle Fishing Corporation	

* Not available
** New player

Source: Various

Ang Frabelle Group of Companies, na isa sa mga naglobby sa RA 10654, ang may hawak ng pinakamalaking fleet ng panghuli ng tuna at mga isdang pang export sa buong daigdig. Dumadaloy ang pinaghalong investment at subsidy ng US, EU, at Japan dito sa pamamagitan ng Investment Corporation and Capital of the Philippines (ICCP) kung saan nagmamay-ari ito ng 9% ng shares at kung saan director ang presidente nitong si Francis Tiu-Laurel. Bilang isa sa mga 'tagapangalaga' ng high seas, 25 sa 27 na tanging *purse seine vessels* pinayagang mangisda sa 'pinangangalagaang' High Seas Pocket 1 ang Frabelle. Nakakahuli ito ng humigit kumulang 8,000 tonelada ng tuna kada taon at nagsusuplay sa halos 10% ng tuna sa daigdig.

Habang pinamamandila ng Frabelle ang 35% na paghihigpit para magbawas ng mga barko sa high seas para sa konserbasyon ng pangisdaan, nagdagdag ito ng 3 high tech na barkong pang-tuna at dalawang plantang pamproseso ng tuna sa Papua New Guinea sa nakaraang tatlong taon. Sa katunayan, lumaki ng 192% ang huli at eksport na tuna mula noong 2013. Higit pa, pinahayag nitong papalakihin ang huli nang 40-60% hanggang 2017. Halos lahat ng mga huli nito sa high seas ay para sa eksport at napupunta sa Japan, EU, at US. Tanging mga reject lang ang naiiwan sa Papua New G uinea o maiuuwi sa Pilipinas.

Table 1. Classification of Philippine registered vessels in WCPFC.
Source: WCPFC Website, as of -2 June 2015

Type of Vessel	Number of Registered Vessels				Total
	<250 GT	>250 - 500GT	>500 - 1,000GT	> 1,000 GT	
Bunker			1		**1**
Fish Carrier	167	52	14	17	**250**
Fishing Vessel	4		2	1	**7**
Handline	1				**1**
Longline	3	9	8		**20**
Mothership	8				**8**
Multi-purpose vessel	7			1	**8**
Purse seine	79	25	27	20	**151**
Support Vessel	362	3	3		**368**
Total	**631**	**89**	**55**	**39**	**814**

Kaalinsabay, ang Frabelle din ang may pinakamalaking monopolyo sa pangisdaan sa loob ng teritoryo ng bansa. Isa sa bawat pitong malaking barkong pangisda sa bansa ay pag-aari nito at nagsusuplay sa 15% ng isda at mga produktong pandagat sa bansa. Ito rin ang may pinakamalaking negosyo at kontrata sa pagsasaayos at pangangasiwa ng Navotas Shipyard at General Santos Shipyard habang may ilan pa itong sariling daungan at pantalan. Kasama ang Century Pacific Group at iba pang dambuhala sa kartel ng pangisdaan, hawak ng Frabelle ang control sa takbo, suplay, at maging presyo ng mga isda sa bansa. Ang panggigipit ng RA 10654 sa mga pangulong na komersyal, tulad ng nangyayari sa Manila Bay sa kasalukuyan, ang magpapaigting sa monopolyong katangian ng pangisdaan sa bansa.

Kaya't malinaw na tanging ang mga dayuhan lamang at mga subsidyaryo nitong mga monopolyong gaya ng Frabelle ang makikinabang sa RA 10654 at sa liberalisasyon sa pangisdaan!

c. Lalong pagpapabaya ng gubyerno sa mga mangingisda

Kakambal ng liberalisasyon sa pangisdaan ang **deregulasyon** o ang pagpapaubaya ng gubyerno sa mga dayuhan at kapitalista ang kahihinatnan ng mga produktibo at pangserbisyong sector sa bansa – **ang pagtulong sa kanilang pandarambong at magpakabingi sa mga hinaing ng mamamayan.**

Kabilang sa mga laman ng batas na ito ang pagtatatag ng Fisheries Management Fund na pamamahalaan ng BFAR. Pangunahing magmumula ang pondo nito sa multa ng mga mahuhuli at mapapatunayang nagkasala, at sa kikitain sa pagbebenta ng mga nahuling isda, kagamitang pangisda, barko at bangka. Kung susuriin, mahigit 75% nito ay nakatakdang mapunta sa mga administratibong gastusin ng BFAR at 25% lamang ang gagamitin para sa 'livelihood' na mga proyekto at 'scholarship' para sa mga anak ng mangingisda. Ang tiyak, buong-buong gagastusin ito sa mga programa ng BFAR na dapat ay sinusuportahan ng gubyerno at nagmumula sa General Appropriations Act sa pamamagitan ng Department of Agriculture. Nangangahulugan ito ng paghahabol ng Departamento na makahuli at makahuthot ng malalaking bayarin at multa mula sa mga mangingisda. Sa rehistrasyon na lang ng mga mangingisda halimbawa, mahigit 1.2 milyon sa kasalukuyan ang nakalahok sa pangingisda at pag-aalaga ng isda at lamang tubig.

Ito rin ang magiging hudyat ng patuloy pang pagtalikod ng pamahalaan sa responsibilidad nitong paunlarin ang pangisdaan at ang kabuhayan ng mga mangingisda.

Ang moda ng pangisdaang nakasandig sa import at nakatuon-sa-eksport ang esensya ng liberalisasyon sa pangisdaan. Katugma at pumapabor ito sa pag-iral ng monopolyo sa pangisdaan habang binibigyang matwid at gulugod ng tutang rehimeng US-Aquino.

D. Ano ang epekto nito sa mga mga mangingisda at mamamayang Pilipino?

Nilikha ang batas na ito sa wangis ng adyenda ng mga imperyalistang bayang US, EU at Japan – ang liberalisasyon sa pangisdaan. Nangangahulugan ito kung gayon ng lalo pang pagkalugmok sa kahirapan, pang-aapi, at kawalang hustisya ang mga mangingisda at ang mahigit 1.6 milyong mamamayang nakaasa sa industriya ng pangisdaan.

a. Pag-igting ng tunggalian ng mga municipal at komersyal na pangingisda

Dahil sistematikong itataboy palayo sa high seas ang mga malalaking pangulong na komersyal, at lalong sisikip ang Exclusive Economic Zone Areas, tiyak na mas titindi ang pakikipag-agawan ng mga komersyal na pangulong sa mga maliliit na mangingisda para sa katubigang municipal! Sa pagbibigay matwid sa RA 10654, sinabi ng BFAR na ang panghihimasok ng mga komersyal na pangulong sa mga municipal na pangisdaan ang pinakalaganap na iligal na pangingisda. Ngunit ngayon**, ang mismong batas na ito rin ang magtutulak sa kanila na makiagaw sa municipal na pangisdaan!** Habang nagpapakasasa sa pinakamayayamang bahagi ng pangisdaan ang mga monopolyo, magsisiksikan naman at pag-aagawan ng mga local na komersyal na pangulong at maliliit na mangingisda ang katubigang municipal.

Table 2. Total number of Philippine commercial fishing vessels and fishing gears.
(Source: BFAR-FRQD, as of April 2006)

Vessel Type	Number	Sum GT
Carrier	819	104,193.80
Catcher	3,579	134,801.72
Light Boat	864	19,177.70
Ranger Boat	51	1,155.79
Skiff Boat	33	384.71
Sonar	53	2,368.02
Support	29	958.40
Tanker	7	3,441.22
Total	**5,435**	**266,481.36**

Fishing Gear	Number
Bag Net	352
Beach Seine	6
Filter Net	54
Gill Net	59
Handline	715
Longline	59
Modified Danish Seine	528
Purse Seine	397
Push Net	19
Ring Net	859
Round Haul Seine	23
Trawl	299
Others	218
Total	3,588

b. Kawalan ng kabuhayan ng mga maliliit at katamtamang mangingisda, manggagawa sa pangisdaan, at maliliit na piskador

Ayon mismo sa pag-aaral ng ng gubyerno sa pamamagitan ng PIDS, ang mga maliliit na mangingisda ang unang tatamaan ng higit na paglilberalisa sa pangisdaan. Bukod sa pagkitid ng papangisdaan, ang pagbaha ng mga produktong isda galing sa EU ay lubhang makakapagpabagsak sa produksyon ng mahigit 1.8 milyong maliit na mangingisda. Ang mas mura at mas mataas na istandard na import din ang papatay sa local na pamilihan ng isda. Tatamaan ditto di lamang ang mga may-ari at opereytor kundi maging mga maliliit na kumprador, manggagawa sa pangisdaan, crew, at manininda. Tinatayang 1.8 milyong Pilipino ang manganganib ang kabuhayan sa todo-largang liberalisasyon sa pangisdaan:

Kategorya	Bilang ng ineempleyo
Munisipal na mangingisda	1,371,376
Komersyal na pangingisda	16,497
Akwakultura	226,196
Total	1,614,368

*batay sa Census on Agriculture and Fisheries 2002

Di pa kasama rito ang marami pang umaasa sa isda at produktong isda bilang kabuhayan. Wala ka na ngang mahuli, babaratin ka pa! Talagang kamatayan para sa local na sector ng pangisdaan at mangingisda ang batas at programang ito!

c. Kawalan ng seguridad sa pagkain, pagtaas sa presyo ng mga isda at produktong dagat at tabang

Ang pagtanggal ng mga taripa, ang mga nalalabing proteksyon ng local na produksyon at pamilihan natin, ang syang maglalagay ng huling pako sa kabaong ng ating naghihingalong pangisdaan. Kasabay ng malawakang pagkawala ng kabuhayan ay ang tiyak na pagsirit ng presyo ng mga produktong isda at mga katulad. Kahit pa sabi ng PIDS at EU na bababa ng 0.12% ang presyo ng bilihing galing pangisdaan, ang monopolyo sa pamilihan lamang ang gaganansya nito. Ang kapangyarihan ng mga kartel na imanipula ang presyo ng mga imported na produkto at itago ito sa porma ng transfer pricing, delivery costs, at market price adjustments ay talamak nang nagpapahirap sa atin noon pa, matatagpuan ito sa kartel ng langis, bigas, asukal, at iba pa. Sa kasalukuyan, mahigit 80% ng isda sa local na pamilihan ay nagmumula sa mga municipal, maliliit at katamtamang pangisdang komersyal. Kawalan ng seguridad sa pagkain at malawakang kagutuman ang tiyak na produkto ng pagkolaps ng local na produksyon ng pagkain at ang pagsandig sa imported na mga isda .

d. Mas mabilis na pagkawasak ng pangisdaan

Sa patuloy na pagsandig ng ating pagkain sa imported, ang mga monopolyo sa pangisdaan naman ay abala sa produksyong nakatuon sa eksport. Sa katunayan, sa nakaraang sampung taon lamang ay nagtala ang ating bansa ng humigit-kumulang 400% paglaki ng ineeksport na tuna, 250% na paglaki sa iba pang mga produktong pangpangisdaan.

Table 7. Tuna exports by commodity, 2010 –2014
Source: NSO data, in BAS Fisheries Statistics for 2010 – 2014

Tuna commodity, by volume (MT)	2010	2011	2012	2013	2014*
Fresh/chilled/frozen	33,688	22,027	22,910	20,177	28,808
Dried/smoked		13,933	8,000	2,725	1,460
Canned	76,801	58,071	38,796	29,660	58,660
TOTAL VALUE (million USD)	359.38	314.507	455.10	664.50	459.83

* 2014 provisional data

Ang paghahabol sa mas malaking eksport taun-taon ng mga imperyalistang bayang nagpopondo sa mga monopolyo sa pangisdaan ang lalong magpapabilis sa pagkawasak ng pangisdaan. Iniaasa ng EU(64%), US(28%), at Japan(12%) ang kanilang pangangailangan sa isda sa import. At tayo ang isa sa mga pinakamalaki nilang suplayer. Ang patuloy na pagpapalawak ng Frabelle at ng Century Pacific Group ay isa lamang indikasyon na ang pagwasak ng

pangisdaan natin ay ginawang LIGAL, NAIREREPORT, AT NAKOKONTROL ng RA 10654 sa saliw ng liberalisasyon sa pangisdaan.

E. Ano ang dapat gawin?

1. Labanan at Ibasura ang Fisheries Code of 1998 at RA 10654

Napakahaba na ng maningning na kasaysayan ng pakikibaka ng mga mangingisda at mamamayan sa pahirap at mapang-aping Fisheries Code of 1998. Patuloy na nakikinabang ang mga imperyalistang bayan at monopolyo sa pangisdaan sa batas na ito. Ngayong inamyendahan ito ng dagdag na pahirap at pasakit, dapat nating palakasin an gating panawagan na ibasura ito. Ipalaganap ang tunay na katangian at esensya nito sa ating mga komunidad, pier, palengke, at kung saan man may pagtitipon ang mga mamamayan. Lumikha tayo ng mga local, rehiyunal, at pambansang mga pagkilos at protesta upang ilantad at labanan ang batas na ito.

Gayundin, dapat nating labanan nag liberalisasyon sa pangisdaan. Hindi natin dapat hayaan na lalo pang dambungin ng mga dayuhan at mga kasapakat nila ditto sa ating bansa ang ating pangisdaan. Dapat nating tutulan lahat ng porma ng dayuhang panghihimasok at control sa ating kinabubuhay.

2. Palakasin ang hanay ng mga mangingisda, manggagawa sa pangisdaan, manininda at manggagawa sa pier!

Mahalagang katangian nating ang pagiging marami. Dapat nating gamitin ito upang isulong an gating tunay na interes at labanan ang mga kontra-mangingisda at kontra-dayuhang mga polisiya at batas na tulad nito. Dapat nating buklurin an gating mga sarili bilang isang organisadong lakas na may organisadong tinig at aksyon. Dapat magbuo ng mga asosasyon saan man may mangingisda, manggagawa sa pangisdaan, manininda ng isda, at manggagawa sa pier. Dapat buuin ito sa batayan ng nagkakaisang pagtutol sa Fisheries Code of 1998 at amendments; laban sa liberalisasyon sa pangisdaan; at para sa tunay na pag-unlad n gating kabuhayan at bayan.

3. Palawakin ang pagkakaisa!

Dapat nating maabot ang napakalawak pang hanay ng mga manggagawa, magsasaka, propesyunal, kabataan, kababaihan at iba pang handing makipagkapit-bisig sa atin sa ating adhika. Maging ang mga katamtaman at local na malalaking komersyal na pangisda ay maaari nating makaisa sa ating mga pakikibaka batay sa inabot n gating lakas. Kung saan maaari, buuin ang mga pormal na alyansa laban sa RA 8550 at RA 10654, at sa liberalisasyon sa pangisdaan. Ang napakalawak na bilang at antas na sasagasaan ng batas at polisiyang ito an gating katiyakan sa higit pang pagpapalapad n gating pakikibaka.

4. Isulong ang tunay na reporma sa pangisdaan!

Dapat nating singilin ang rehimeng US- Aquino bilang pangunahing tuta at promotor ng RA 10654 at pagtutulak ng liberalisasyon sa pangisdaan. Dapat nating likhain ang daluyong na syang aalingawngaw mula sa mga karagatan, lawa, at lansangan upang ipakita an gating lakas. Dapat nating isulong ang pagbasag sa kartel at monopolyo sa pangisdaan; pagtanggal ng control at kawing ng imperyalismong US, EU at Japan sa ating pangisdaan; at tunay at progresibong pagpapaunlad ng kabuhayan ng mga mangingisda. Sa pakikibaka lamang kasama ang iba pang api at pinagsasamantalahan natin makakamit ang tunay na paglaya sa kawing ng dayuhan at kahirapan. ###

Ibasura ng Fisheries Code of 1998 at amendments!

Labanan ang liberalisasyon sa pangisdaan!

Isulong ang tunay na reporma sa pangisdaan!

Sources:

RA 8550

RA 10654

RA 9379

Dagat at Bayan sa Bingwit ng Batas, Center for Environmental Concerns Philippines 2012

The Potential impacts of a Free Trade Agreement with the European Union on the Philippine Fisheries Sector, Danilo Israel, PIDS discussion paper series no. 2014-03

EU – Philippines Trade and Investment Fact File 2013, Delegation of EU in the Philippines 2013

Philippine Agribusiness Initiative, USAID 1991

Annual Report to the Western and Central Pacific Fisheries Commission, 2006

Annual Report to the Western and Central Pacific Fisheries Commission, 2014

http://www.nscb.gov.ph/pressreleases/2014/PSA-%20PR-20140704-SS2-01_poorestsector.asp

http://www.fao.org/fishery/facp/PHL/en#CountrySector-Statistics

http://www.bfar.da.gov.ph/profile?id=18#post

http://www.bfar.da.gov.ph/publication

http://www.ibon.org/ibon_features.php?id=268

http://fis.com/fis/worldnews/worldnews.asp?l=e&id=41525&ndb=1

http://www.mb.com.ph/frabelle-launches-new-21-m-fishing-vessel/#0aGAmlRx6ABytoq9.99